NIYEBE / MALAMIG NA PANAHON

Mabilis magbago ang panahon sa Illinois, lalo na sa taglamig. Dala ng malalakas na bagyo sa taglamig ang makakapal na niyebe at yelo, pati na rin ang bugso ng snow at mga whiteout na kondisyon.

Ang pagkakalantad sa malamig na temperatura sa labas, mga aksidente sa sasakyan dahil sa madudulas na kalsada, o mga sunog na bunga ng di-wastong paggamit ng mga heater, maraming tao ang nasusugatan o namamatay bawat taon bilang direktang resulta ng panahon ng taglamig. Ang mga bagyo sa taglamig ay maaaring katamtamang niyebe sa loob ng ilang oras o malawakang blizzard na may bugso ng hangin na humahampas sa niyebe na tumatagal nang ilang araw.

Ang naitalang pinakamatinding pag-ulan ng niyebe mula sa isang bagyo ay 27.9 pulgada malapit sa Waukegan sa Lake County, mula Enero 3-5, 2015.

MGA TIP PARA SA NIYEBE/MALAMIG NA PANAHON

- Magsuot ng ilang patong ng maluwag, magaan, mainit na kasuotan sa halip na isang patong ng mabibigat na kasuotan. Ang mga panlabas na kasuotan ay dapat na mahigpit ang pagkakatahi at hindi tinatablan ng tubig.
- Iwasan ang labis na pagpapagod kapag nagpapala ng niyebe dahil maaari nitong mapataas ang panganib ng atake sa puso. Magpahinga nang madalas at manatiling hydrated.
- Siguraduhing naseserbisyuhan nang propesyonal ang heating system ng bahay ninyo para matiyak na malinis ito at gumagana nang maayos.
- Itsek ang mga smoke/carbon monoxide (CO) detector ninyo. Mas malaki ang mga panganib ng pagkalason sa CO sa panahon ng mga bagyo sa taglamig kapag sarado ang mga pinto at bintana at ginagamit ang mga fireplace at gas heater.
- Maaari ka ring malantad sa nakamamatay na mga antas ng CO kapag "pinapainit" mo ang kotse mo sa garahe o kapag may barang niyebe ang tambutso nito.
- Kabilang dapat sa paghahanda sa bahay ang insulation, caulking, at weather stripping,
- Itsek ang mga kondisyon ng kalsada bago umalis (gettingaroundillinois.com) at tiyaking nagasolinahan ang kotse mo.
- Kabilang sa kit ng paghahanda sa paglalakbay sa taglamig ang charger ng cell phone, mga kumot, karagdagang damit, mga jumper cable, mga flashlight na may mga ekstrang baterya, tubig, at pagkaing mataas sa calorie at hindi agad napapanis.

Ready.Illinois.gov

Estado ng Illinois
Illinois Emergency Management Agency
at Office of Homeland Security

@ReadyIllinois
ReadyIllinois
@ReadyIllinois
@ReadyIllinois

2200 S. Dirksen Parkway
Springfield, Illinois 62703
Punong Tanggapan ng IEMA (217) 782-2700
24 Oras na Tugon (217) 782-7860

Inilimbag ng Awtoridad ng Estado ng Illinois 3/25 IOCI 25-1608 Digital 0 kopya